# Pamumuhay sa Winter Vacation



タガログ語版

Imakita Shougakko
December , 2023

Ang bakasyon sa taong ito ay magsisimula sa Dec 27(Wed) hanggang Jan 8(Mon) pahalagahan at gawing makabuluhan kasama ang pamilya.

## 1.Malusog at Ligtas na Pamumuhay

○ 「Maagang matulog, maagang gumising, kumain ng almusal」, sundin ang tamang pamumuhay.
○ Magtakda ng oras at patakaran para sa paggamit ng TV, Game at Smartphone.
 ・Pag-usapan ang tungkol sa tamang paggamit ng Social Network Site (SNS)
○ Isaisip ang kaligtasan sa daan.
 ・Magsuot ng helmet sa pagsakay sa bisekleta. ※Mayroon na ba kayong insurance?
 ・Huminto at siguruhin na walang paparating na sasakyan bago tumawid.

## 2.Ugaliin ang Pag-aaral ng Leksyon sa Araw-araw

○Magtakda ng layunin at gawin hanggang dulo.
○Magbalik aral sa lahat ng nagdaang aralin.
○Sumubok ng aktibidad na sa bakasyon lamang maaring gawin
 ・Sikapin na matutunan ang mga naging mahirap na aralin.
 ・Palagiang magbasa ng aklat.



## 3.Mamuhay bilang Miyembro ng Pamilya at Komunidad

○Magsikap na makatulong sa loob ng tahanan. ※Tumulong sa General Cleaning
○Maglaan ng oras para sa pamilya 【 Winter Vacation Challenge】
○Makilahok sa mga aktibidad ng komunidad.

## 4.Pamumuhay at Pakikipag-kaibigan

○Sumunod sa patakaran, masayang makipaglaro sa kaibigan.
 ・Ipaalam sa magulang kung kelan,saan pupunta at sino ang kasama.
 ・Huwag maglaro sa delikadong lugar(ilog,irrigation,construction site, kalsada atbp.)
 ・Iwasan ang mga delikadong laro (Airgun, apoy atbp.)
 ・Huwag manghiram at magpahiram ng gamit o pera (manlibre o magpalibre) sa kaibigan.

【Mga Numero na Maaring Tawagan sa Panahon ng Bakasyon】

Walang staff para sumagot ng tawag sa 12/27 (Wed)、28 (Thur) . Simula sa 12/29(Fri) hanggang 1/3(Wed) naman ay Year-End Holiday. Sa mga panahon na ito maari kayong tumawag sa mga numero na nasa ibaba;
 ・Kani Board of Education School Division 0574-62-1111 (Direct Line)
 ・Kani Police Station 0574-61-0110
 ・Chunou Child Helpline 0574-25-3111 (Direct Line)